

*hang-babae ay nagsasabing, Halika. At hayaang siya na nakikinig ay magsabing, Halika. At hayaang siya na nauuhaw ay lumapit. At sinuman ang magnanais, ay hayyan siyang kumuha sa tubig ng buhay nang walang-bayad.” Kaya’t tanggapin mo na Siya ngayon din bilang iyong Tagapagligtas.*

Kung hiniling mo sa Kanya na pumasok sa iyong puso, ang susunod na hakbang na kailangan mong gawin ay humanap ng isang iglesyang naniniwala sa Biblia at magsimula kang maglingkod sa Panginoon. At nawa’y magkita tayo balang araw doon sa langit. Roma 10:13 *“Sapagka’t, ang sinumang tatawag sa pangalan ng Panginoon ay maliligtas.”*

— J. Cruz

 **HopeTractMinistry**  
of Bethel Baptist Church

P.O. BOX 1115 • YORK, SC 29745 • 803-684-1535  
WWW.HOPETRACTS.ORG  
The Greatest Love Of All (Tagalog) Tract 517



Ang pag-ibig ay isang bagay na nais makamit ng lahat ng tao. Maraming iba't ibang klase ng pag-ibig. Minamahal mo ang iyong mga anak at kahit ano'y gagawin mo para sa kanila. At iniibig mo din naman ang iyong asawa nang buong puso. Pero ang pag-ibig na pinakadakila sa lahat ay ang pag-ibig ng Diyos sa atin. Hinayaan Niyang mamatay ang Kanyang Anak alang-alang sa iyo. Iniibig ka Niya at pinagmamalasakitan nang lubusan. *"Sapagka't gayon iniibig ng Diyos ang sanlibutan, na ipinagkaloob niya ang kaniyang bugtong na isinilang na Anak, upang ang sinumang sumampalataya sa kaniya ay hindi dapat mapahamak, kundi magkaroon ng walang-hanggang buhay."* Juan 3:16

Alam ko na minamahal ako ng aking mga magulang nang buong puso at kahit ano'y gagawin nila alang-alang sa akin, pero ang kanilang pag-ibig ay wala man lamang sa kalingkingan ng pag-ibig ng Diyos. Kapag ako'y nagkakamali, palagi Niya akong pinatatawad. Ikaw man ay patatawarin din Niya! Ang kailangan mo lamang gawin ay hilingin sa Panginoong Jesu-Cristo na iligtas ka. Sinasabi ng Biblia sa Roma 10:9, *"Na kung ipahahayag mo sa iyong bibig ang Panginoong Jesus, at mananampalataya sa iyong puso na binuhay siya ng Diyos mula sa mga patay, ikaw ay maliligtas."*

Itanong mo sa iyong sarili, kung mamamatay ako sa sandaling ito, sa langit ba ako mapupunta, o sa impiyerno? Tayong lahat ay iniibig ng Diyos, pero kung gusto mong mapunta sa langit, kailangan mong hilingin sa Kanya na iligtas ka. Sinasabi ng Biblia sa I Juan 4:8, *"Siya na hindi umiibig ay hindi nakikilala ang Diyos; sapagka't ang Diyos ay pag-ibig."* Minsan pa, sinasabi ng Diyos na iniibig ka Niya nang lubusan.

Ayon sa Webster's Dictionary, ang kahulugan ng pag-ibig ay "Matinding damdamin para sa iba na bunga ng isang personal na kaugnayan; isang malakas na damdamin ng pagkaakit." Ang pakahulugan naman ng Diyos sa pag-ibig ay matatagpuan sa I Corinto 13:4, *"Ang pag ibig ng Diyos ay mapagbata, at may magandang loob; ang pag ibig ng Diyos ay hindi naiinggit; ang pag ibig ng Diyos ay hindi ipinagyayabang ang kaniyang sarili, hindi nagpapalalo,"* Sinasabi din ng Diyos sa unang utos-Mateo 22:37 *"Si Jesus ay nagsabi sa kaniya, Iyong iibigin ang Panginoon na iyong Diyos nang buo mong puso, at nang buo mong kaluluwa, at nang buo mong kaisipan."* Si Jesus ay namatay para sa iyo at nabuhay na muli sa ikatlong araw, *"Sapagka't ibinigay ko sa inyo nang una sa lahat yaong akin ding tinanggap, kung paano na si Cristo ay namatay para sa ating mga kasalanan alinsunod sa mga kasulatan; At kung paanong siya ay inilibing, at kung paanong siya ay muling bumangon sa ikatlong araw alinsunod sa mga kasulatan:"* I Corinto 15:3-4, at ngayon Siya'y nakaluklok sa kanan ng Diyos at naghihintay na hilingin mong iligtas ka Niya. Ibinigay Niya ang Kanyang buhay alang-alang sa iyo at iniibig ka Niya nang lubusan.

Sinasabi ng Biblia sa Lucas 19:10, *"Sapagka't ang Anak ng tao ay dumating upang hanapin at iligtas yaong nawala."* Kung hindi mo pa pinapapasok ang Panginoong Jesus sa iyong puso, ikaw nga ang taong naliligaw ng landas na sinadya Niyang puntahan dito upang iligtas. Nais mo bang tanggapin ngayon si Jesus bilang iyong Tagapagligtas? Maaaring hindi na dumating sa iyo ang iba pang pagkakataon.

Ibinibigay ng Biblia ang kanyang huling paanyaya sa Pahayag 22:17, *"At ang Espiritu at ang kasinta-*